

Pansamantalang Gabay: Mas Ligas na Pagboto sa Panahon ng COVID-19

Oktubre 1, 2020

Ibinabahagi ng Lungsod at County ng San Francisco (City and County of San Francisco, CCSF) ang gabay na ito sa pagsisikap na itaguyod ang pangkalahatang kalagayan at kalusugan ng mga manggagawa at botante sa halalan sa panahon ng COVID-19 pandemic at sa kasalukuyang kakapusan sa personal na pamprotektang kagamitan (Personal Protective Equipment, PPE). Dapat maunawaan ng sinumang sumusuri sa gabay na ito ang sumusunod:

Mabilis na nagbabago ang datos, kaalaman, at mga rekomendasyon hinggil sa ligas na paggamit ng PPE. Binuo ng CCSF ang gabay na ito batay sa imbentaryo ng PPE nito at sa mga ibinibigay na serbisyo sa kliyente mula Setyembre 18, 2020. Partikular na nakabatay ang gabay na ito sa datos, kaalaman, at mga rekomendasyon hinggil sa ligas na paggamit ng PPE at prognosis sa supply chain hanggang Setyembre 18, 2020, at posible itong magbago nang walang pag-abiso.

Dapat konsultahin ng mga employer ang mga alituntunin ng Mga Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit (Centers for Disease Control, CDC) para sa kasalukuyang pagpili, mga alternatibo, at ligas na paggamit ng PPE. Posibleng hindi ganap na sumusunod ang framework na ito sa lahat ng alituntunin para sa PPE, pero binuo ito para tugunan ang emergency sa COVID-19 pandemic at ang nagreresultang kakulangan sa PPE.

Dapat kumonsulta ang mga employer sa kanilang mga tauhan sa Kalusugan at Kaligtasan, Pagkontrol ng Impeksyon, at Pamamahala sa Panganib bago magpasyang gamitin ang alinman sa impormasyon o prosesong nasa alituntuning ito. Ang anumang pasya na gamitin ang lahat o ang bahagi ng alituntunin para sa PPE na ito ay ganap na nakadepende sa employer na iyon. Sa pagiging pampubliko ng alituntuning ito, hindi nagpapalagay o nag-uutos ang CCSF, o ang mga opisyal o empleyado nito, ng anumang obligasyon kung saan posible itong magkaroon ng pananagutan sa sinumang taong nagsasabing nagdulot ng pinsala ang alituntunin na ito.

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco para sa paggamit ng Departamento sa Mga Halalan. Maaaring magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago ng kaalaman, transmisyon sa komunidad, pagiging available ng Personal na Pamprotektang Kagamitan PPE, at pagsusuri.

AUDIENCE: Mga in-person na botante, mga tauhan at nauugnay na kawani ng Department of Election gaya ng mga manggagawa sa halalan at greeter clerk.

BACKGROUND: Dahil papalapit na halalan, gustong tiyakin ng Departamento na ligas ang pagboto hangga't maaari, para sa mga manggagawa at botante sa halalan sa panahon ng COVID-19 pandemic.

Talaan ng Nilalaman

Mga Protokol sa Kalusugan at Kaligtasan sa Mga In-Person na Lokasyon ng Pagboto..... 3

Dapat sumunod ang mga manggagawa sa halalan at greeter clerk sa mga panuntunang nauugnay sa kalusugan at kaligtasan na nasa Manual na Manggagawa sa Botohan: 3

Ang mga manggagawa sa halalan ay dapat sumailalim at pumasa sa Checklist sa Pansariling Screening sa Pampublikong Kalusugan sa Manggagawa sa Botohan (tingnan ang Appendix A) bago magsilbi sa mga botante..... 4




<i>Responsable ng mga greeter clerk ng lugar sa pagboto ang pagpapanatili ng mga protokol na nauugnay sa kalusugan. Habang nakaistasyon sa pasukan ng site, kasama sa mga duty ang mga sumusunod:</i>	4
<i>Mga Takip sa Mukha at Ang Mga Botante</i>	4
<i>Mga supply para suportahan ang paglilinis at pag-disinfect sa mga in-person na lokasyon sa pagboto</i>	5
<i>Mga sobre ng balota na partikular na idinisenyo para suportahan ang mga protokol sa sanitasyon</i>	6
Mga Plano at Layout sa Lugar ng Botohan	6
<i>Ang bawat lokasyon ng botohan ay magkakaroon ng Partikular sa Site na Pamprotektang Plano (Site-Specific Protection Plan, SSPP) na may custom na layout na nakabatay sa mga partikular na katangian at blueprint ng lugar ng botohan. Ang layout sa plano ay magtitiyak sa kaligtasan ng mga botante at manggagawa sa halalan, kasama ang:</i>	6
<i>Mga protokol sa physical distancing para sa kaligtasan at access — tingnan ang halimbawang diagram (tingnan ang Appendix C) —na nagsasaad kung saan ilalagay ang bawat item:</i>	6
Mga Humihiling ng Pag-deliver ng Balota	7
• <i>Mga botanteng hindi nakakalabas ng bahay</i>	8
• <i>Mga pasyenteng nasa mga ospital o homecare</i>	8
• <i>Mga residente ng mga shelter, nursing home, convalescent home, hotel sa pag-isolate at pag-quarantine, at iba pang panandalian at pangmatagalang pasilidad sa medikal na pangangalaga</i>	8
Pangkaligtasang Protokol sa Pag-deliver ng Balota	8
<i>Pansariling Pagsusuri sa COVID-19</i>	8
<i>Pananatiling Malusog</i>	8
<i>Paghahatid ng balota sa mga botante kung saan ang mga residente at iba pa ay:</i>	10
<i>Pag-deliver ng balota na may mabilis na pakikipag-ugnayan (< 15 minutong tagal) at ikaw ay:</i>	10
<i>Pag-deliver ng balota at mas matagal na interaksyon (> 15 minutong tagal) o pauulit-ulit na mabilisang interaksyon sa mga residente:</i>	10
<i>Mga Kalinisan at Sanitasyon</i>	11
<i>Physical Distancing</i>	12
<i>Paglilimita ng Contact</i>	12
Mga Pamamaraan sa Pag-deliver ng Balota	12
<i>Proseso ng pag-deliver</i>	12
<i>Tatlong pinakakaraniwang uri ng pag-deliver</i>	13
<i>Mga Pangangailangan ng Humihiling at Iskedyul ng Pag-deliver</i>	13
<i>Pagtatapos ng Shift</i>	14
<i>Pangangasiwa ng Mga Balota</i>	14
<i>Mga Pinakamahusay na Kagawian</i>	14
Mga Resource	15
Appendix A: Checklist sa Kalusugan at Kaligtasan sa Lugar sa Pagboto	16
Appendix B: Checklist sa Pansariling Screening sa Pampublikong Kalusugan ng Manggagawa sa Botohan	17
Appendix C: Halimbawang Diagram ng Lugar ng Botohan	18
Appendix D: Mga Protokol sa Kalusugan at Kaligtasan	19



Mga Protokol sa Kalusugan at Kaligtasan sa Mga In-Person na Lokasyon ng Pagboto

Dapat sumunod ang mga manggagawa sa halalan at greeter clerk sa mga panuntunang nauugnay sa kalusugan at kaligtasan na nasa Manual na Manggagawa sa Botohan:

- Kumpletuhin ang Checklist sa Kalusugan at Kaligtasan ng Lugar sa Pagboto (tingnan ang Appendix A) at ipaskil ito sa lugar sa pagboto. Dapat itong isagawa sa pag-set up bago ang pagbubukas, para masigurong nakumpleto ng mga manggagawa sa halalan ang lahat ng protokol sa kalusugan at kaligtasan at pumasa sila sa Checklist sa [Pansariling Screening sa Pampublikong Kalusugan ng Manggagawa sa Botohan \(tingnan ang Appendix B\)](#)
- Magpanatuli ng anim na talampakang pisikal na distansya mula sa ibang tao hangga't maaari
- Palaging magsuot ng takip sa mukha habang nasa loob ng mga lugar ng botohan (may mga ibibigay ng mask na gawa sa tela)
 - Sundin ang mga alituntunin ng CDC sa kung [Paano Ligas na Magsuot at Mag-alis ng Mask](#)
 - Puwedeng magdala ang mga manggagawa sa halalan ng sarili nilang mask, kung malinis, kasya, nakakatugon asa mga alituntunin ng CDC (walang butas o air vent), at walang politikal na kinikilingan ang mga ito (walang text o logo)
 - Pinapayagan ang pag-aalis ng mask kapag kumakain o umiinom o habang naka-break sa labas ng mga lugar ng pagboto. Magpanatili ng anim na talampakang distansya mula sa iba habang kumakain o umiinom.
- Gumamit nang wasto ng personal protective equipment (PPE), gaya ng mga face mask, face shield, at guwantes. [Tingnan ang **Talahanayan 1** para sa naaangkop na paggamit ng PPE]
- Hugasan ang iyong kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo o i-sanitize ang mga kamay (gamit ang sanitizer na may hindi bababab sa 60% ethanol o hindi bababa sa 70% isopropyl alcohol) sa mga aktibidad na ito:
 - Sa pagdating
 - Bago at pagkatapos alisin ang mga guwantes (tagubilin sa [wastong pag-aalis ng mga guwantes](#)) [tingnan ang **Talahanayan 1** sa ibaba para sa mga sitwasyon kung saan dapat magsuot ng mga guwantes]
 - Pagkatapos ng bawat break
 - Pagkatapos umubo, bumahing, o hawakan ang kanilang mga mata, ilong, o bibig
 - Pagkatapos hawakan ang anumang kagamitan o supply na hindi na-disinect
 - Sa tuwing sasabihin sa mga pamamaraan
- Madalas na linisin at i-disinfect ang mga supply sa pagboto, kagamitan, at surface na madalas hawakan, humigit-kumulang kada 30 minuto o higit pa kapag ginagamit ang kagamitan (tingnan ang Protokol sa Kalinisan at Sanitasyon sa ibaba para sa mga detalye)
- Kumpletuhin ang mga log sa paglilinis para madokumento ang mga beses kung kailan natapos ang mga gawain sa paglilinis sa buong araw



Ang mga manggagawa sa halalan ay dapat sumailalim at pumasa sa Checklist sa Pansariling Screening sa Pamublikong Kalusugan sa Manggagawa sa Botohan (tingnan ang Appendix A) bago magsilbi sa mga botante.

Responsable ng mga greeter clerk ng lugar sa pagboto ang pagpapanatili ng mga protokol na nauugnay sa kalusugan. Habang nakaistasyon sa pasukan ng site, kasama sa mga duty ang mga sumusunod:

- Pagtulong sa mga botanteng ida-drop off ang kanilang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, para hindi na kailanganin ng mga botanteng iyon na pumasok sa mga lugar botohan
- Pamamahagi ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% ethanol o hindi bababa sa 70% isopropyl alcohol
- Pag-aalok ng mga supply sa kalusugan at kaligtasan gaya ng mga takip sa mukha guwantes
- Pagsagot ng mga tanong ng botante
- Paggawa ng mga regular na anunsyo para ipaalala sa mga botante na magpanatili ng anim na talampakang distansya mula sa isa't isa at pagpigil sa pagtitipon-tipon ng mga grupo habang nakapila
- Paglilimita sa dami ng mga botante at nag-oobserba na pumapasok sa isang lugar ng botohan sa anumang oras; dedepende ang dami ng mga botante sa laki ng partikular sa site na lugar ng botohan


Mga Takip sa Mukha at Ang Mga Botante

- Inaasahan ang mga botante na magsuot ng mga takip sa mukha nang wasto, kung saan natatakpan ang parehong bibig at ilong
- Ang mga botante o nag-oobserba na darating na walang takip sa mukha ay bibigyan ng mga disposable na takip sa mukha
- Ang mga botanteng hindi susunod sa mga gabay na nauugnay sa kalusugan at kaligtasan, gaya ng paggamit ng mga takip sa mukha, ay dapat pa ring payagang bumoto. Higit sa lahat, dapat mamayani ang karapatang bumoto.

Mga Protokol sa Kalinisan at Sanitasyon

Ang lahat ng manggagawa sa halalan ay sasanayin tungkol sa mga protokol sa kalinisan at sanitasyon, inaasahang magsubaybay at magtala ng mga gawain sa paglilinis at sumunod sa mga protokol sa ibaba sa Araw ng Halalan:

- Madalas at mabusising paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng hand sanitizer kung walang tubig at sabon
- Mga available na alcohol-based na hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% ethanol o hindi bababa sa 70% isopropyl alcohol para sa lahat ng botante at manggagawa sa halalan sa mga pasukan at labasan



- Madalas na pag-disinfect ng mga surface at supply (linisin at i-disinfect ang mga supply kada tatlung minuto o mas madalas ayon sa kinakailangan) gamit ang mga inaprubahan ng EPA [na List N: Mga Disinfectant para sa Paggamit Laban sa SARS-CoV-2 \(COVID-19\)](#), ang virus na nagdudulot ng COVID 19
 - Sundin ang mga tagubilin sa label ng disinfectant para matiyak na ligtas at epektibo ang paggamit sa produkto
 - Panatilihin basang surface sa loob ng partikular na tagal ng panahon (tingnan ang label ng produkto)
 - Tiyaking mayroong mahusay na bentilasyon sa oras ng paggamit ng mga produkto
- Pagsusuot ng mga guwantes na ibinigay sa lahat ng manggagawa sa botohan kapag nagdi-disinfect ng kagamitan at humahawak ng mga supply
 - Ang mga manggagawa sa halalan ay bibigyan ng bulletin na may [mga tagubilin tungkol sa wasto pag-aalis at pagtatapon](#) ng guwantes para maiwasan ang cross-contamination

Ang inspektor at deputado sa halalan sa lugar ay magiging responsable sa:

- Pagsusuri ng mga talaan sa paglilinis
- Pagtiyak na nasusunod ang mga protokol sa paglilinis
- Pagpapanatili ng stock ng mga supply sa paglilinis
- Regular na pag-sanitize sa mga booth at materyales sa pagboto
- Pag-disinfect sa device sa pagmamarka ng balota pagkatapos ng bawat paggamit
- Pagpapanatili ng stock ng mga malinis na bolpen sa pamamagitan ng pagtiyak na regular na nadi-disinfect ang mga bolpen

Mga supply para suportahan ang paglilinis at pag-disinfect sa mga in-person na lokasyon sa pagboto

- Mga disinfectant na Inaprubahan ng EPA na [List N: Mga Disinfectant para sa Paggamit Laban sa SARS-CoV-2 \(COVID-19\)](#)
 - Sundin ang mga inirerekomendang gabay ng vendor at manufacturer tungkol sa pag-disinfect para sa paglilinis ng mga surface ng mga machine sa pagboto (kasama ang mga touch screen).
 - Iwasan ang paggamit ng mga alcohol wipe dahil sa flammability nito, maliban na lang kung iniaatas ng vendor
- Mga gagamiting disposable na guwantes kapag naglilinis at nagdi-disinfect
- Inaprubahan ng EPA na hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% ethanol o hindi bababa sa 70% isopropyl alcohol
- Mga disinfectant at disposable na paper towel para linisin ang mga bolpen sa pagmamarka ng balota, booth sa pagboto, mesa, upuan, at anumang ibang pang madalas na hawakang surface at gamit (maliban sa mga makina sa pagboto)
- Disposable na sanitary earpiece cover para sa mga headphone para sa mga botanteng may kapansanan



Mga sobre ng balota na partikular na idinisenyo para suportahan ang mga protokol sa sanitasyon

- Ang mga sobre ng bolota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo at probisyonal na balota ay mayroon nang strip ng adhesive na “peel and seal”
- Pinalitan ng mga single-use na secrecy folder ang mga reusable na secrecy folder ng balota
- Ang Mga Pamphlet ng Impormasyon sa Botante at sangguniang balota ay ibibigay sa maraming wika at iaalok sa mga botante kasama ang mga guwantes

Mga Plano at Layout sa Lugar ng Botohan

Ang bawat lokasyon ng botohan ay magkakaroon ng Partikular sa Site na Pamprotektang Plano (Site-Specific Protection Plan, SSPP) na may custom na layout na nakabatay sa mga partikular na katangian at blueprint ng lugar ng botohan. Ang layout sa plano ay magtitiyak sa kaligtasan ng mga botante at manggagawa sa halalan, kasama ang:

- Mga pag-iingat sa social distancing
- Mga diagram na nagpapakita ng paglalagay ng mga palatandaan sa sahig sa loob at labas ng site
- Mga pag-iingat sa pagkapribado ng botante
- Mga accessible na daanan sa pagboto
- Namodipikang layout sa trapiko para matiyak na makakagalaw ang mga botante sa isang direksyon gamit ang isang nakalaang pasukan at labasan para maiwasan ang mga pagsisikip kung saan puwedeng magsisiksikan ang mga tao
- Pag-eespasyo ng anim na talampakan sa pagitan ng kagamitan sa pagboto, mesa sa pagboto, at booth sa pagboto
- Mga pag-iingat sa maximum na kapasidad
 - Mag-iiba-iba ang maximum na kapasidad ng bawat site depende sa laki at layout nito
 - Tiyakin ang kaligtasan sa pamamagitan ng paglilimita sa dami ng mga botante sa loob ng lugar ng botohan para maiwasan ang pagsisiksikan

Mga protokol sa physical distancing para sa kaligtasan at access — tingnan ang halimbawang diagram (tingnan ang Appendix C) —na nagsasaad kung saan ilalagay ang bawat item:

- Ang mesa ng greeter, kung saan makikita ng mga botante ang karatula sa kalusugan at kaligtasan na nag-aalerto sa mga botante tungkol sa mga protokol sa kalusugan at kaligtasan, ay makakantanggap ng:
 - Hand sanitizer na (may hindi bababa sa 60% ethanol o hindi bababa sa 70% isopropyl alcohol)
 - PPE [tingnan ang **Talahanayan 1**]
- Mga mesa sa halalan kung saan lalagda ang mga botante sa roster at pipili ng mga balota



- Kagamitan sa pagboto na scanner ng balota at device sa pagmamarka ng balota para sa mga taong may kapansanan
- Mga booth sa pagboto
- Mga daanan ng botante na may palatandaan para magpanatili ng anim na talampakang distansya
- Pagsasaalang-alang sa accessibility para sa mga botanteng may kapansanan, kasama ang navigation, pagkapribado sa pagboto, at kaligtasan
- Mga naka-tape na karatula para matukoy ang mga naaangkop na lugar sa pagtayo at pag-upo para sa mga nag-oobserba sa halalan (ang isang nag-oobserba ay sinumang miyembro ng publiko na gustong mag-observer sa pagbubukas, pagsasara at/o pamamaraan ng botohan)
- Pagboto sa curbside. Sumangguni sa Manual sa Pagsasanay sa Manggagawa sa Botohan
- Pagboto para sa mga botante na may mga sintomas, na may sakit, o alam na positibo sa COVID-19:
 - Karatula sa pinto ng mga lokasyon ng botohan, na magdidirekta sa mga may sakit na botante, para i-access ang alternatibong pagboto
 - Maikling video, para sa mga hindi nakakabasa o bulag na botante na hindi makakabasa sa karatula, na magdidirekta sa mga botanteng i-access ang mga alternatibong opsyon sa pagboto
 - Dapat payuhan ng mga manggagawa sa halalan na tumutulong sa mga botanteng may mga sintomas tungkol sa mga alternatibong opsyon sa pagboto gaya ng emergency na paghahatid ng balota
 - Humiling ng paghahatid ng balota, na available isang linggo bago ang halalan hanggang sa pagsasara ng botohan sa Araw ng Halalan


Talahanayan 1

Personal Protective Equipment para sa Mga Manggagawa sa Halalan sa Mga In-Person na Lokasyon ng Botohan

- Magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras
- Gumamit ng mga guwantes kung may contact sa mga potensyal na kontaminadong surface (tingnan ang tagubilin sa [wastong pag-aalis ng mga guwantes](#))
- Magsuot ng mga pangkaligtasang salamin o face shield kapag nakikipag-ugnayan sa isang residente nang walang harang at kapag hindi makakapagpanatili ng anim na talampakang distansya

Mga Humihiling ng Pag-deliver ng Balota

Isinasagawa ang mga emergency na pag-deliver ng balota isang linggo bago ang halalan, alinsunod sa batas sa halalan ng California. Ang mga botanteng hindi nakatanggap ng kanilang mga balota para sa anumang dahilan at hindi makakaboto nang personal o magbibigay ng awtorisasyon sa isang tao na kumuha ng balota, ay puwedeng humiling ng serbisyong ito hanggang sa pagsasara ng botohan sa Araw ng Halalan. Ang serbisyong ito ay para sa mga botanteng nakakaranas ng hindi inaasahang karamdaman o kapansanan. Kasama sa mga botanteng ito ang:



- **Mga botanteng hindi nakakalabas ng bahay**

Mga botanteng nawala ang balota, masyado nang huli para magpadala ng bagong balota sa botante, at hindi makakapunta ang botante sa Voting Center o sa isang lugar ng botohan para makatanggap ng kapalit na balota nang personal

- **Mga pasyenteng nasa mga ospital o homecare**

Mga botanteng nasa ospital o naospital kamakailan, hindi natanggap ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo, at ngayon ay humihiling ng bagong balota para ipadala sa isang ospital o sa kanyang bahay

- **Mga residente ng mga shelter, nursing home, convalescent home, hotel sa pag-isolate at pag-quarantine, at iba pang panandalian at pangmatagalang pasilidad sa medikal na pangangalaga**

Pangkaligtasang Protokol sa Pag-deliver ng Balota

Pangunahing priyoridad ang kaligtasan ng mga humihiling at kawani ng Department of Election. Para ganap na makumpleto ang mga kahilingang ito, mahalagang sundin ng mga driver sa pag-deliver ng balota ang mga pamamaraan na ito.

Pansariling Pagsusuri sa COVID-19


- Araw-araw, bago simulan ang pag-deliver ng balota, i-screen ang sarili gamit ang site na [Suriin ang Iyong Kalusugan para sa kawani ng Lungsod](#).
- [Manatili sa bahay](#) kung may sakit, nagpositibo para sa COVID-19, o kamakailan ay nagkaroon ng [malapit na contact](#) sa isang taong may COVID-19. Makikita ang isang maikling pangkalahatang-ideya ng dapat asahan sa pagsusuri, pag-isolate, at pag-quarantine sa San Francisco [dito](#).

Pananatiling Malusog

- Magpanatili ng ligtas na pisikal na distansya na anim na talampakan sa lahat ng oras.
- Magsuot ng mask (takip sa mukha) sa lahat ng oras. May mga ibibigay na mask, pero puwedeng gumamit ng sariling mask ang mga tauhan. Inirerekomendang magkaroon ng maraming takip sa mukha (reusable o disposable naman) para matiyak na malinis ang nagagamit sa bawat araw. Dapat lang magsuot ng mga mask na may one-way valve kung may nakatakip dito na isa pang non-valve mask.
- Hugasan ang iyong kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng hand sanitizer (na may hindi bababa sa 60% ethanol o hindi bababa sa 70% isopropyl alcohol) kung walang sabon at tubig:
 - bago pumasok sa lokasyon sa pagkuha ng balota
 - bago at pagkatapos ang mga break o shift
 - pagkatapos hawakan ang iyong mukha, buhok, iba pang bahagi ng katawan, at pagkatapos magbigay ng mga mask at iba pang Personal Protective Equipment (PPE)
 - pagkatapos gumamit ng banyo
 - pagkatapos umubo, bumahing, gumamit ng tissue, manigarilyo, kumain, o uminom
 - pagkatapos humawak sa mga shared surface o bagay kapag nagda-drop off ng mga balota sa mga indibidwal o pasilidad
 - hugasan/i-sanitize ang iyong kamay sa iyong buong shift



- Dapat panatilihiing malinis at walang kalat ang sasakyan sa paghahatid. I-disinfect ang mga surface na madalas hawakan sa mga sasakyan sa paghahatid sa buong shift ng trabaho gamit ang isang aprubadong disinfectant.
- Tandaang takpan ang iyong mga pag-ubo at pagbahing gamit ang tissue. Dapat itapon sa basurahan ang mga gamit na tissue at magsugas ng kamay kaagad gamit ang sabon at tubig at maligamgam na tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo.
- Bibigyan ang mga driver ng [personal protective equipment](#) (PPE), kasama ang proteksyon sa paghinga, mga face shield, mga gown/pamprotektang damit, at mga guwantes. Sundin ang [mga pamamaraan](#) kung paano wastong gumamit ng PPE equipment.
- Ang mga rekomendasyon sa PPE sa **Talahanayan 2** ay sumusunod sa mga rekomendasyon ng CDC batay sa potensyal na pagkakalantad sa mga sitwasyong posibleng maranasan ng mga manggagawa sa halalan sa oras ng paghahatid ng mga balota.



Talahanayan 2

Personal Protective Equipment (PPE) para sa mga manggagawa sa halalan na nagsasagawa ng paghahatid ng balota sa mga lokasyon kung saan posibleng may mga indibidwal na may pinaghihinalaan o kumpirmadong COVID-19*

Paghahatid ng balota sa mga botante kung saan ang mga residente at iba pa ay:

- **Naka-mask
AT**
- **Kung saan puwedeng makapagpanatili ng anim na talampakang distansya**

Halimbawa: Pag-deliver at pag-drop off ng mga balota sa mga residente sa mga SRO o tirahan kung saan naka-mask ang botante at/o iba pang kasama sa tirahan

Inirerekomendang PPE

- Dapat ay mayroong kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng facemask.^{1, 2} Itapon kung natutugunan ang pamantayan sa pagtatapon (Talahanayan 3).
- Mga guwantes kung mayroong contact sa mga posibleng kontaminadong surface o shared item sa pakikipag-ugnayan. Itapon matapos gamitin.

Pag-deliver ng balota na may mabilis na pakikipag-ugnayan (< 15 minutong tagal) at ikaw ay:

- **Nasa loob ng anim na talampakan mula sa residente o ibang taong naka-mask
O KAYA,**
- **Sa mga residente o ibang tao na posibleng naka-mask o hindi naka-mask at posibleng makapagpanatili ng anim na talampakang distansya**

Halimbawa: Direktang pagbibigay ng balota sa mga residente sa SRO o tirahan kung saan naka-mask ang botante at/o kasama sa tirahan na nandoon; o paghahatid ng balota sa mga hindi naka-mask na residente habang nagpapanatili ng anim na talampakang distansya

Inirerekomendang PPE

- Dapat ay mayroong kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng facemask.^{1, 2} Itapon kung natutugunan ang pamantayan sa pagtatapon (Talahanayan 3).
- Dapat ay mayroong nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng face shield o safety glass.²
- Mga guwantes. Itapon matapos gamitin.

Pag-deliver ng balota at mas matagal na interaksyon (> 15 minutong tagal) o pauulit-ulit na mabilisang interaksyon sa mga residente:

- **Hindi naka-mask
AT**
- **Kung saan hindi makapagpanatili ng anim na talampakang distansya sa buong pakikipag-ugnayan**

Halimbawa: Sarado at mas matagal (>15 minutes) na interaksyon o pauulit-ulit na maikling interaksyon sa mga residente na nakailangan ng tulong sa pag-unawa sa mga tagubilin sa balota sa SRO o tirahan

Inirerekomendang PPE

- Dapat ay mayroong kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng fit tested na N95.² Itapon kung natutugunan ang pamantayan sa pagtatapon (Talahanayan 3).
- Dapat ay mayroong nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng face shield o safety glass.²
- Pamprotektang kasuotan.³
- Mga guwantes. Itapon matapos gamitin.

* Kasama ang mga lokasyon kung saan mayroong mga naka-quarantine na kliyente.



¹ Ang mga facemask at PPE ay karaniwang tinatawag na surgical mask o isolation mask. Ang isang N95 respirator na hindi nasukat ng nagsusuot, ay itinatuturing na pamalit para sa mga facemask.

² Ang muling paggamit at mas matagal na paggamit ng PPE ay ayon sa patakaran ng pasilidad at panahon ng kakulangan sa PPE. Pakitingnan ang **Talahanayan 3** para sa gabay tungkol sa kung kailan dapat itapon ang PPE sa mga setting ng muling paggamit at mas matagal na paggamit. Mahalaga ang pagsunod sa wastong kalinisan ng kamay kapag naghuhubad ng facemask, proteksyon sa mata, o iba pang PPE. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/ppe-strategy/index.html>

- **Tumutukoy ang mas Matagal na Paggamit** sa kagawian ng pagsusuot ng parehong facemask o proteksyon sa mata para sa paulit-ulit na malapitang pakikihalubilo sa mga kliyente, nang hindi inaalis ang pamprotektang kagamitan sa pagitan ng mga interaksyon sa kliyente.
- **Tumutukoy ang muling paggamit** sa kagawian ng paulit-ulit na paggamit ng facemask o proteksyon sa mata ng isang tao sa isang yugto ng panahon para sa maraming pakikihalubilo sa mga kliyente at pag-aalis ('paghuhubad') dito pagkatapos ng bawat pakikihalubilo. Ang facemask o proteksyon sa mata ay itinatabi sa pagitan ng mga interaksyon at dapat ilagay ulit ('isuot') bago ang susunod na interaksyon sa isang kliyente

³ Kasama ang mga smock, shop coat, uniporme, gown, o katulad na kasuotan na poprotekta sa personal na kasuotan ng nagsusuot. Dapat ay nakahanda ang mga pamalit na kasuotan kung sakaling madumihan ang mga damit sa oras ng shift, at dapat labhan pagkatapos ng isang araw ng paggamit ang lahat ng muling nagagamit na kasuotan.

Talahanayan 3: Mga Pamantayan sa Pagtatapon para sa PPE sa Mga Setting ng Muling Paggamit at Mas Matagal na Paggamit*

PPE	Pamantayan sa pagtatapon
N95 o mga facemask	• Marumi o kitang-kita na may dumi • Nagkaroon ng contact sa dugo o mga fluid sa katawan • Nahihirapang huminga rito • Kung ang mga strap ay labis na nabatak, o napigtas na, o kung nasira na ang takip sa mukha • Kung hindi sinasadyang madikit ang maruming guwantes o kamay sa loob ng respirator
Pamprotektang Kasuotan	• Marumi o kitang-kita na may dumi • Nagkaroon ng contact sa dugo o mga fluid sa katawan • Pisikal na may sira, kasama ang mga sirang tali o pangkabit • Pag-isipan ang pagtatapon pagkatapos ng mga aktibidad na may mataas na panganib, depende sa availability ng supply
Face shield, goggles	• Hindi na mahigpit na naisusuot sa provider • Nahaharangan ang paningin at nananatiling may harang sa paningin kahit inayos na ito
Mga guwantes	• Itapon matapos gamitin

* Ilagay ang lahat ng maruming tela at itinaapon na PPE sa isang basurahan at isarado ang takip. Gumamit ng mga guwantes kapag humahawak ng maruming PPE.

Mga Kalinisan at Sanitasyon

- Gumamit ng mga nakalaang disinfectant wipe sa:
 - I-disinfect ang mga surface na madalas hawakan sa mga sasakyan sa pag-deliver sa iyong buong shift ng trabaho.
 - I-disinfect ang mga bolpen, equipment, and devices before and after each use.



- Ilagay ang lahat ng maruming kumot at itinapon na PPE sa isang basurahan at isarado ang takip. Gumamit ng mga guwantes kapag humahawak ng maruming PPE.
- Ang mga disposable, sanitary earpiece cover para sa mga headphone ay dapat palitan at dapat i-disinfect nang wasto ang headband pagkatapos ng bawat paggamit. Ang mga headphone ay para sa mga botanteng may kapansanan.

Physical Distancing

- Magpanatili ng physical distancing na hindi bababa sa anim na talampakan, maliban na lang kung sandali lang kung kinakailangan, gaya ng pag-deliver o pagkuha ng mga balota.
- Kung praktikal, gumamit ng “neutral zone” para sa pagpapasa ng mga balota at iba pang materyal sa halalan, sa halip ng pag-aabot ng balota sa humihiling.

Paglilimita ng Contact

- Gamitin ang siko o sapatos para kumatok sa mga pinto. Gamitin ang siko para pumindot ng mga pindutan ng elevator.
- Iwasan ang mga pakikipagkamay at katulad na pagbati na sisira sa pisikal na distansya.
- Iwasan ang paghihiraman ng gamit sa paglagda tulad ng bolpen o stylus. Kung hindi maiiwasan, i-disinfect ang mga bolpen, kagamitan, o device bago at pagkatapos ng bawat paggamit.
- Subukang limitahan ang mga interaksyon sa maximum na limang minuto kada pangyayari nito.
- Kapag posible, huwag pumasok sa mga bahay, kahit imbitahan ka ng residente.
- Gumamit ng mga prosesong hindi nangangailanga ng contact para sa pag-pick up at pag-deliver, nang malayo sa mga lugar na may maraming trapiko, kapag posible. Posibleng kasama rito ang mga lokaston sa pag-drop off ng pag-pick up at pag-deliver.

Ang mga driver sa pag-deliver ay pinapayuhang makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng Suporta sa Botante sa (415) 553-0712 o sa admin team ng Departamento, kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga pamamaraang pangkaligtasan.

Mga Pamamaraan sa Pag-deliver ng Balota

Proseso ng pag-deliver

- Nakaiskedyul sa dalawang block ang mga pag-deliver ng balota:
 - Nangyayari ang mga pag-deliver sa umaga sa mula 9 a.m. hanggang 12 p.m.
 - Nangyayari ang mga pag-deliver sa hapon mula 1 p.m. hanggang 4 p.m.
- Tinutukoy ng mga driver sa pag-deliver ang pinakamahasag na ruta batay sa mga lokasyon ng mga kahilingan
- Sa tuwing sisimulan ang kanilang mga shift sa trabaho, inaasahan ang mga driver na i-pick up ang cell phone, pulang vest sa pagkakakilanlan, susi ng kotse, binder, lagayan ng mga balota




- Magtanong sa Tagapamahala na Suporta sa Botante na magbibigay ng:
 - Mga packet ng balota: Kasama sa mga packet na ito ang balota, ang form sa Awtorisasyon sa Pag-pickup ng Balota (kung kinakailangan), Pamphlet ng Impormasyon sa Botante, at isang sticker na “I Voted”.
 - Sheet ng tagubilin para sa pag-delivery: Nakasaad sa papel na ito ang mga delivery address, impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng humihiling, at anumang espesyal na tagubilin
- Pinaplano ng mga driver ang ruta sa pag-deliver at aalis para sa unang lokasyon

Tatlong pinakakaraniwang uri ng pag-deliver

- **Pag-drop off**
 - Kung nakasaad ang pag-drop off, iiwan ng mga driver sa pag-deliver ang balota kung saan tinutukoy ng mga direksyon at susundin nila ang anumang mga espesyal na tagubilin.
- **Pag-drop off at pag-pickup**
 - Ide-deliver ng mga driver ang bolota at Form sa Awtorisasyon sa Pag-pickup ng Balota sa humihiling, maghihintay habang sinasagutan ang mga form, at ide-deliver ang nilagdaan at sinelyuhang balota at ang form sa awtorisasyon pabalik sa Departamento.
 - Kung nakasaad sa sheet ng tagubilin sa pag-deliver, o kung sasabihin ng humiling na kailangan niya ng karagdagang oras para sagutan ang balota at form sa awtorisasyon, ayos lang iyon. Kakailanganing sabihin ng mga driver ang humihiling na babalik siya pagkatapos tapusin ang mga natitirang delivery at i-pick up ang nasagutang balota at form. Dapat magbigay ang mga driver sa humihiling ng tinatanyang oras ng kanyang pagbalik.
 - Sa pag-pick up ng balota, dapat i-verify ng mga driver na nilagdaan at sinelyuhan ng humihiling ang balota.
 - Ilagay ang balota sa nakalaang lagayan.
- **Pag-deliver at pag-pick up sa ospital**
 - Ang mga ospital ay karaniwang may nakatalagang tagapag-ugnay ng Departamento. Sa karamihan ng mga sitwasyon, dapat ay natapos na ang paperwork, at kakailanganin ng mga driver na i-deliver ang mga balota sa tagapag-ugnayan na ito o i-pick up ang mga balota sa kanila.
 - Dapat sundin ng mga driver ang sheet ng tagubilin sa pag-deliver.
 - Bago umalis sa lokasyon, dapat i-verify ng mga driver sa pag-deliver na nalagdaan at naselyuhan ang mga balota.
 - Ilalagay ng mga driver sa pag-deliver ang balota sa nakalaang lalagyan.

Mga Pangangailangan ng Humihiling at Iskedyul ng Pag-deliver

- Ginagawa ng Departamento ang lahat ng magagawa nito para matugunan ang partikular na pangangailangan ng bawat humihiling. Dapat tugunan ng mga driver, bilang mga mensahero ng Departamento, ang pangangailangan ng humihiling habang tinitiyak din na naide-deliver nang nakaiskedyul ang mga ito.



- Kung ang isang sitwasyon ay nangangailangan ng higit pang tulong maliban sa maibibigay ng mga driver sa tamang panahon, inaasahan ang mga driver na makipag-ugnayan sa Tagapamahala na Suporta sa Botante sa (415) 553-0712.

Pagtatapos ng Shift

- Kapag natapos ang isang shift, ide-deliver ng mga driver ang mga nalagdaan at naselyuhang balota, anumang Form sa Awtorisasyon sa Pag-pickup ng Balota, at anumang iba pang materyal sa halalan sa Tagapamahala na Suporta sa Botante.
- Inaasahan ang mga driver sa pag-deliver na iulat ang anumang isyu o nauugnay na impormasyon sa tagapamahala at ibalik ang iba pang supply sa nakatalagang lokasyon ng mga ito.
- Dapat ilagay ng mga driver ang lahat ng maruming kumot at itinapon na PPE sa isang basurahan at isarado ang takip. Dapat magsuot ng mga guwantes kapag naghahawak ng maruming PPE.

Pangangasiwa ng Mga Balota

- Ang pangangasiwa at pagpoproseo ng mga na-deliver na balota ay may katulad na mga pamamaraan sa pagpoproeso ng mga balotang ipinapadala sa pamamagitan ng koreo. Ibinigay ng CDC ang mga sumusunod na pangkaligtasang alituntunin para sa mga balotang ipinapadala sa pamamagitan ng koreo:
 - Itinuturing na aktibidad na nasa mababang panganib ang pagbibigay ng mga balotang ipinapadala sa pamamagitan ng koreo.
 - Para mas mapababa pa ang panganib, ang mga nangangasiwa o nagpoproeso ng mga balotang ito ay dapat magsagawa ng madalas na paglilinis ng kamay.
 - Ang mga balotang direktang isusumite ay puwedeng pangasiwaan sa loob ng tatlong oras bago iproseso para higit pang mabawasan ang panganib.

Mga Pinakamahasay na Kagawian

- Ang programang ito ay para sa mga indibidwal na may mga pangangailangan sa mobility.
 - Kapag tumatawag, nagdo-doorbell, o kumakatok, dapat tiyakin ng mga driver sa pag-deliver na bigyan ang humiling ng karagdagang oras para makarating sa telepono o pasukan.
- Posibleng makalimutan ng mga humiling na humiling sila ng balota.
 - Dapat suotin ng mga driver sa pag-deliver ang pulang vest ng pagkakakilanlan ng Departamento at ipakilala ang kanilang sarili bilang kinatawan ng Department of Elections na naroon para mag-deliver ng balota.
- Ang mga humiling ay posibleng may aide na tumutulong sa kanila; hindi dapat direktang makipag-usap ang mga driver sa mga humiling maliban na lang kung hindi ganito ang nakasaad.
- Ang mga humiling ay magkakaroon ng iba't ibang antas ng pagkakampante kapag nakikipag-interaksyon sa mga hindi kakilala.
 - Dapat maging mapagmasid ang mga driver sa pag-deliver sa lengguahe ng katawan at maghintay sa humiling na sabihin kung paano nila gustong magpatuloy ang interaksyon. Kung hindi malinaw ang sitwasyon, pakitanong ang humiling kung saan sila pinakakampante sa pagpapatuloy.



Mga Resource

Mga Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit (CDC)

- [Mga Pagsasaalang-alang para sa Mga Lokasyon ng Pagboto sa Halalan](#)
- [Partner Call: COVID-19 Considerations for Elections and Voters](#) (Webinar)

U.S. Election Assistance Commission, Joint COVID Working Group (EAC)

- [Health and Safety at the Polling Place](#)

Kalihim ng Estado ng California

- [Gabay sa Administrasyon ng Halalan sa panahon ng COVID-19](#)

San Francisco Department of Public Health (San Francisco Department of Public Health, SFPDH)

- [Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-07i, Appendix A: Protokol sa Social Distancing \(nirebisa 9/14/20\)](#)
- [Pansamantalang Gabay: Pag-iwas at Pangangasiwa sa COVID-19 sa Mga Residensyal na Lugar sa Paggamot para sa Mga Nasa Hustong Gulang, Bata, at Kabataan](#)
- [Pansamantalang Gabay para sa Mga Manggagawa sa Pag-deliver ng Pagkain sa Panahon ng COVID-19](#)

San Francisco Department of Elections

- Manual sa Pagsasanay sa Manggagawa sa Botohan - ulat na isinumite sa Lupon ng Mga Tagapangasiwa (na may petsang Hunyo 29, 2020)
- 1.3 Pagprotekta sa Kalusugan ng Mga Botante ang Manggagawa sa Botohan V3

Los Angeles County Public Health

- [Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan, Protokol para sa Mga Restaurant, Appendix I](#)



Appendix A: Checklist sa Kalusugan at Kaligtasan sa Lugar sa Pagboto



**CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS**

John Arntz, Director

Polling Place Health and Safety Checklist

The health and safety protocols established at this polling place were developed in accordance with current public health guidance and in consultation with the San Francisco Department of Public Health.

All poll workers at this polling place were trained on health and safety related protocols and procedures. All poll workers were also required to pass the Poll Worker Public Activity Health Self-Screening prior to reporting to site.

Poll workers at this polling place have completed the following tasks prior to opening the site:

- ☐ Set out face masks, gloves, and hand sanitizer for poll worker and public use
- ☐ Posted health and safety related signage inside and outside the polling place
- ☐ Placed floor markers to assist voters with social distancing
- ☐ Arranged the polling place, including voting booths, equipment, and voter processing tables to allow for social distancing
- ☐ Reviewed and understands cleaning schedules to sanitize equipment and materials throughout the day

For more information or to report suspected non-compliance, please call the Department of Elections at (415) 554-4375.

Inspector Print Name

Today's Date

Checklist sa Kalusugan at Kaligtasan sa Lugar sa Pagboto

Ang mga nakatalagang protokol sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng botohan na ito ay binuo alinsunod sa kasalukuyang pampublikong gabay sa kalusugan at sa konsultasyon sa Departamento sa Pampublikong Kalusugan ng San Francisco.

Ang lahat ng manggagawa sa botohan sa lugar ng botohan na ito ay sinanay sa mga nauugnay na protokol at pamamaraan sa kalusugan at kaligtasan. Ang lahat ng manggagawa sa botohan ay inatasan ding pumasa sa Pansariling Screening sa Pampublikong Aktibidad sa Kalusugan ng Manggagawa sa Botohan bago pumunta sa site.

Nakumpleto ng mga manggagawa sa botohan ang mga sumusunod na gawain bago ang pagbubukas ng site:

- ☐ Naglagay ng mga face mask, guwantes, at hand sanitizer para sa manggagawa sa botohan at sa paggamit ng publiko
- ☐ Nagpaskil ng karatulang nauugnay sa kalusugan at kaligtasan sa loob ng lugar ng botohan
- ☐ Naglagay ng mga marker sa sahig para tulungan ang mga botante sa social distancing
- ☐ Naiayos ang lugar ng botohan, kasama ang mga booth, kagamitan, at mesa sa pagproseso ng botante ng botohan para magbigay-daan sa social distancing
- ☐ Nasuri at naunawaan ang mga iskedyul sa paglilinis para ma-sanitize ang mga kagamitan at materyales para sa buong araw

Para sa higit pang impormasyon o para mag-ulat ng pinaghihinalaang hindi pagsunod, tumawag sa Departamento ng Halalan sa (415) 554-4375.



Appendix B: Checklist sa Pansariling Screening sa Pampublikong Kalusugan ng Manggagawa sa Botohan



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS

John Arntz, Director

Checklist sa Pansariling Screening sa Pampublikong Kalusugan ng Manggagawa sa Botohan

Dapat mong suriin at ipasa ang screening na ito bago ka makibahagi sa anumang aktibidad ng pampublikong manggagawa sa botohan, kasama ang anumang in-person na pagsasanay o serbisyo sa anumang pampublikong espasyo, kasama ang nakatalaga sa iyong lugar ng botohan. Kung "Oo" sa sagot mo sa anumang tanong sa ibaba, huwag pumunta sa pagsasanay o serbisyo sa Araw ng Halalan, at sa halip ay tumawag sa (415) 554-4395 at pumunta sa sf.gov/qeffesfed sa lalong madaling panahon.

1. Mayroon ka ba o sa nakalipas na 24 na oras ay nakaranas ng ka ba isa sa mga sumusunod na sintomas na bago o hindi maipaliwanag sa iba pang dahilan?

- lagnat sa o mas mataas sa 100.4 F (38.0 C)
- ubo, kahirapan sa paghinga, o pangangapos ng hininga
- labis na pagkapagod, mga pananakit ng katawan, o sakit ng ulo
- mga pangisinginig, pagpapawis, o pananakit ng lalamunan
- hindi nawawala o matinding sipon (hindi mga allergy)
- bagong pagkawala ng pang-amoy o panlasa, o pagtatae

OO

HINDI

2. Sa nakalipas na 14 na araw, nagkaroon ka ba ng malapit na contact* sa sinuman sa bahay o sa komunidad na nakumpirmang may COVID-19?

OO

HINDI

3. Sa nakalipas na 10 araw, na-diagnose ka ba o nagpositibo ka ba para sa COVID-19?

OO


HINDI

**Mga tao sa iyong bahay, katalik, o mga taong inaalagaan mo o nag-aalaga sa iyo. Kasama rin sa malapit na contact ang mga taong nasa loob ng 6 na talampakan mula sa iyo sa loob ng 10 minuto, na hindi nagsuot ng takip sa mukha, o nagkaroon ka ng contact sa kanilang mga fluid o secretion sa katawan habang hindi ka nakasuot ng takip sa mukha o sapat na pamprotektang kagamitan.*

Tandaan: Kapag pumasa ka sa pansariling screening na ito, hindi magagarantiya na wala kang impeksyon ng anumang uri. Dahil posibleng maihawa ang COVID-19 at/o ang iba pang pathogen nang hindi mo nalalaman na nalantad ka at nang hindi nagpapakita ng mga karaniwang sintomas. Ang mga manggagawa sa botohan na sumagot ng *Hindi* sa lahat ng tanong ay dapat pa ring mag-ingat para protektahan ang kanilang sarili at ang iba habang nagsasanay o nagsisilbi sa Araw ng Halalan. Pinapayuhan ng mga lokal na opisyal sa kalusugan ang lahat sa San Francisco na magsuot ng takip sa mukha at magpanatili ng 6 na talampakang layo mula sa iba kapag posible.



Appendix C: Halimbawang Diagram ng Lugar ng Botohan





Appendix D: Mga Protokol sa Kalusugan at Kaligtasan

HEALTH AND SAFETY PROTOCOLS

PROTOCOLOS DE SALUD Y SEGURIDAD | 衛生及安全守則 | MGA ALITUNTUNIN UKOL SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN

Gusto mo bang maprotektahan ang pampublikong kalusugan sa loob ng lugar ng botohan:



Magsuot ng takip sa mukha (may mga available na mask).



Magpanatili ng physical distancing sa pamamagitan ng pagbibigay ng 6 na talampakang layo mula sa iba.



May mga nakalaan na hand sanitizer at guwantes.

O kaya ay puwede kang humingi ng balota nang hindi pumapasok sa loob:



Para humiling ng paghahatid ng balota sa curbside sa iyong kotse o sa sidewalk, tumawag sa (415) 553-0703.



Ang Departamento ng Halalan ay nagbibigay ng pag-deliver ng balota para sa mga botanteng nakaranas ng mga sintomas ng COVID-19* sa nakalipas na 24 na oras, O KAYA ay na-diagnose na may o nagpositibo sa COVID-19, sa nakalipas na 10 araw, O KAYA ay nakatira sa iisang bahay kasama ang, o nagkaroon ng malapit na contact sa isang taong sa nakalipas na 14 na araw ay nasa pag-isolate para sa, o nagpositibo para sa COVID-19. Para humiling ng paghahatid ng balota, tumawag sa (415) 553-0712.

**Mga Sintomas ng COVID-19: • ubo • pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga • lagnat na 100.4° o mas mataas • mga panginginginig • mga pananakit ng kalamnan o katawan • labis na pagkapagod • pananakit ng ulo • pananakit ng lalamunan • hindi nawawalang matinding sipon • pagtatae • bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy*

Ponga de su parte para proteger la salud pública dentro de este lugar de votación: Use un cubrebocas (tenemos cubrebocas disponibles). Cumpla con las normas de distanciamiento social al guardar una distancia de 2 metros de los demás. Use el desinfectante de manos y los guantes que se proporcionan. O solicite una boleta sin necesidad de entrar: El Departamento de Elecciones brinda el servicio de entrega a domicilio de la boleta a los electores que hayan presentado síntomas de COVID-19* en las últimas 24 horas; O que hayan sido diagnosticados con COVID-19 o hayan resultado positivos a la prueba de COVID-19 en los últimos 10 días; O que vivan o hayan tenido contacto cercano con una persona que en los últimos 14 días haya estado en cuarentena por COVID-19 o haya resultado positiva a la prueba de COVID-19. Para solicitar la entrega a domicilio, llame al (415) 553-0712.

*Sintomas de COVID-19: • tos • falta de aire o dificultad para respirar • fiebre de 100.4o F (38 o C) o más • escalofríos • dolor muscular o de cuerpo • fatiga • dolor de cabeza • dolor de garganta • escurrimiento nasal persistente • diarrea • pérdida inusual del gusto o del olfato

您有責任保障此投票場地內的公共衛生：戴上面罩（備有口罩可供取用）。緊記時刻與他人保持6呎距離。提供搓手清潔消毒液和手套。或您不需要入場也可以取得選票：選務處可以為有需要的選民提供選票送遞服務。如選民在過去24小時內出現新型冠狀病毒（COVID-19）*症狀，或在過去10天內被診斷出COVID-19陽性或經檢測呈陽性，或者患者同住，或與過去14天內因COVID-19需要自我隔離或測試呈陽性的人有密切接觸，可使用此服務。如需要求選票送遞服務，請致電（415）553-0712。

*COVID-19的症狀：•咳嗽•呼吸急促或呼吸困難•發燒100.4度或以上•發冷•肌肉或身體疼痛•疲勞•頭痛•喉嚨痛•持續流鼻涕•腹瀉•近期失去味覺或嗅覺

Gawin ang inyong parte upang maprotektahan ang pampublikong kalusugan sa loob ng lugar ng botohan: Magsuot ng pantakip sa mukha (makakukuha ng mga maskara). Magpanatili ng 6 na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao. May nakalaang mga panlinis ng kamay at guwantes. **O maaari kayong humiling ng balota nang hindi pumapasok sa loob:** Magbibigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga serbisyo sa paghahatid ng balota para sa mga botanteng nakaranas ng mga sintomas ng COVID-19* sa huling 24 oras, O na-diagnose o naging positibo sa COVID-19 sa loob ng nakaraang 10 araw, O nakatira sa parehong bahay kasama ang, o nagkaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan sa isang tao sa nakaraang 14 araw na naka-kwarantena para sa, o naging positibo sa COVID-19. Upang humiling ng serbisyo sa pagpapadala ng balota, tumawag sa (415) 553-0712.

**Mga Sintomas ng COVID-19: • ubo • igsi ng paghinga o nahihirapang huminga • lagnat na 100.4° o mas mataas pa • panginginginig • pananakit ng kalamnan o katawan • pagkapagod • pananakit ng ulo • pananakit ng lalamunan • paulit-ulit na sipon • pagtatae • pagkawala ng lasa o pang-amoy*